



Kami bersama Anda...
untuk melindungi
Anda dari
Perdagangan
Manusia



مؤسسة دبي
لرعاية النساء والأطفال
DUBAI FOUNDATION FOR WOMEN & CHILDREN

Ano ang Human Trafficking

Ito ay ang pagrerekrut, transportasyon, paglilipat, pagkukop o pagtanggap ng mga tao, sa pamamagitan ng pananakot o paggamit ng puwersa o iba pang uri ng pagpigil, pag-agaw, panloloko, panlilinlang, at iba pang mga uri ng pagpigil para sa layunin ng pananamantala sa mga taong ito (ang mga biktima) at pagpilit sa kanila para sa seksuwal na bentahan, sapilitang pagtatrabaho o mga serbisyo, pang-aalipin o mga gawaing katulad ng pang-aalipin, paninilbihan o pagtanggap ng mga organo.

Pagkalat ng Krimen na Human Trafficking:

Ang krimen na human trafficking ay nakakalat sa buong mundo, sa halos lahat ng mga bansa sa mundo. Ang mga bansang ito ay alinman sa mga pinagmulang bansa, kung saan ang mga biktima ay nagmula; mga pupuntahang bansa, kung saan ang mga biktima ay magbibiyahang para magtrabaho, maglalakbay, mag-aaral, atbp.; at mga bansang dinadaan ng mga biktima. Sa mga dinadaanang bansa ang mga biktima ay sinasamantala o isinasagawa ang pagsasaayos sa trafficking bago sila makarating sa mga bansang pupuntahan.

Pinakamahihinang Kategoriya

Target ng mga Trafficker:

- Mga kababaihan at mga bata sa pangkalahatan;
- Mga taong hindi marunong bumasa at sumulat;
- Mga tao na walang sapat na antas ng edukasyon, oryentasyon, o kamalayan;
- Mga taong hindi alam o hindi pa naririnig ang tungkol sa human trafficking;
- Mga taong naninirahan sa mahirap na panlipunan at pananalaping kalagayan at naghahanap ng tiyak na kabuhayan;
- Mga taong nagpapabaya na alamin ang kanilang mga karapatan at hindi inaalam ang mga detalye para sa kanilang mga kontrata sa trabaho kapag naghahanap o kumukuha ng trabaho;
- Mga tao na mabilis na nagtitiwala sa kanilang mga kaibigan at mga kamag-anak kapag naghahanap ng mga oportunidad para magtrabaho o maglakbay sa labas ng bansa; at
- Mga tao na nagmamadali sa paggawa ng desisyon sa pagbebenta ng ari-arian nila o ng kanilang mga kamag-anak o humiram ng pera para mangibang-bansa.

Proteksyon mula sa Pananamantala

Paano protektahan ang iyong sarili sa pagiging biktima ng Human Trafficking?

- Maingat na makipagkasundo sa mga kumpanya na gumagamit lamang ng internet at mga ahente na gumagamit ng kanilang mga cell phone.
- Iwasang matukso sa mga alok na trabaho kung ang mga papel, mga suportang opisyal na dokumento, visa, mga tiket sa pagbiyahe at akomodasyon ay ibinibigay ng walang bayad, habang walang kuwalipikasyon sa trabaho. Ito ay maaaring panlilinlang at panloloko para akitin ka hanggang sa ikaw ay maging biktima ng human trafficking.
- Kung nilalayon mong magbiyahe para magtrabaho, humingi ng kinakailangang entry visa para sa trabaho at ikumpara ito sa pahintulot na angkop para sa iyo.
- Lubusang iwasan ang paggamit ng pekeng mga dokumento sa paglalakbay para bumiyahen o pumasok sa estado.
- Maging alerto sa mga taong nagtatrabaho sa mga pekeng ahensiya sa pagrerekrut. Laging tiyakin na nakikipag-ugnayan ka sa embahada o konsulado ng bansa na iyong pupuntahan para berepikahin ang pagiging totoo ng mga ahensiya sa pagrekrut na iyong kausap.

- Suriin ang kontrata sa pagtatrabaho bago tanggapin ang iyong trabaho at repasuhin ang lahat ng detalye (halimbawa: uri ng trabaho, sahod, oras ng trabaho, mga leave, mga benepisyo pagkatapos ng serbisyo, akomodasyon at iba pang mga karapatan katulad ng medikasyon at seguro).
- Tanggihan ang paglagda sa anumang kontrata na nakasulat sa anumang wika na hindi nauunawaan. Hilingin ang employer na magbigay ng kontrata sa wika na nauunawaan mo at ipaliwanag sa iyo ang lahat ng probisyon ng kontrata, lalo na ang mga sumusunod:
 1. petsa ng pagsisimula ng trabaho.
 2. Uri at klase ng Trabaho.
 3. lugar ng trabaho
 4. mga termino at kondisyon ng trabaho
 5. Sahod

(Dapat kang humiling ng Arabeng bersyon ng kontrata na maging reperensya sa oras na may anumang pagtatalo kaugnay ng trabaho sa teretoryo ng UAE.)

- Laging maging masigasig habang nagtatrabaho para parangalan ang pagpapahalaga sa tao at etika. Kapag hiniling ka na isagawa ang anumang masamang asal o ilegal, huminto agad sa pagtatrabaho at ireport sa may-kapangyarihang mga kinatawan at awtoridad ng estado.

- Laging itago ang iyong pasaporte at ang lahat ng iyong dokumento sa pagkakakilanlan at panatilihing nakatago ang mga kopya ng mga iyon sa lugar na walang nakakaalam upang hindi ito magamit laban sa iyo.
- Maging masigasig na malaman ang eksaktong lugar ng iyong tahanan o tinitirhan at ang rehiyon kung saan ka nakatira. Laging tandaan na mahalaga ang mga numero ng telepono katulad ng (pulis, ang konsulado ng iyong bansang pinagmulan, ambulansya, mga organisasyon sa karapatang pantao, Tanggapan ng Nasyonalidad at Paninirahan, Tanggapan ng Pagtatrabaho at iba pang mga opisyal na awtoridad).
- Ang UAE ang isa sa prominenteng mga bansa sa pagprotekta at pagpapanatili ng karapatang pantao sa pamamagitan ng lehislyasyon nito at patas na pagpapatulad ng batas. Huwag pasailalim sa pananakot o tanggapin ang masasamang gawain. Dapat mong maunawaan na mayroon kang karapatan na humingi ng tulong sa mga opisyal na kinatawan (hal. pulis, embahada o konsulado ng pinagmulang bansa.)
- Itago ang iyong telepono at gawin itong pribado. I-save ang mga numero ng iyong mga kasamahan, mga kamag-anak o mga malalapit na kaibigan bilang karagdagan sa mga numero ng mga may-

kapangyarihang kinatawan sa espesyal na kuwaderno para matawagan mo sila kung kinakailangan.

- Dapat mong malaman na kapag alam ng iyong pamilya at pinagkakatiwalaang mga kamag-anak ang adres ng iyong tinitirhan at detalye ng trabaho, magiging madali ito para sa kanila na alamin ang balita at magbigay ng tulong kapag naging biktima ka ng human trafficking.

Kapag naging biktima ka ng human trafficking:

- labanan nang buo mong lakas ang lahat ng uri ng panghihiya at pananamantala. Huwag gumawa ng anumang gawain na lumalabag sa iyong mga asal, relihiyon, batas o kaugalian;
- huwag magpasailalim sa mga pananakot o pamimilit na gawain ng mga broker at tandaan na ang mga ganitong pananakot ay hindi totoo.
- magreport mismo sa pulis o humingi ng tulong sa mga tao sa paligid mo.
- subukang tumawag sa iyong mga kamag-anak at mga kaibigan sa estado para maireport nila ang tungkol sa iyong problema.

Mahalalagang numero ng telepono para sa pagsagip:

Organisasyon	Numero
Hotline ng Dubai Foundation para sa mga Kababaihan at Mga Bata	800-111
Ewa'a Hotline	800-7283
Sentro ng Human Trafficking – Dubai	8005005
Sangay ng Kontra-Human Trafficking – Pulis sa Dubai	04-2036215
Tanggapan ng Pagtatrabaho	800-665